


Panatiliing nakasara nang mahigpit ang manway

Oktubre 2023



Ang unang 6 na segundong paglabas ng singaw mula sa manway ng sisidlang dagta. (reperensiya CSB ulat ng insidente No. 2021-04-I-O)

Ano Ang Nangyari?

Noong Abril 8, 2021, ang pinaghalong singaw ng naphtha at likidong dagta (resin) ay lumikha ng sobrang presyon at inilabas ito sa daanan ng tao (manway) sa naka-andar na reaktor sa isang planta ng dagta sa Columbus, Ohio. Ang singaw ng naphtha ay kumalat sa nakapaloob na gusali at bumuo ng isang nasusunog na ulap ng singaw sa loob at labas ng gusali. Sinubukan ng operaytor na pindutin ang pindutan ng emergency-stop, ngunit hindi niya makita dahil sa puting singaw at nahihirapang huminga. Nasabuyan din siya ng mainit na dagta sa panahon ng paglabas. Lumikas siya sa gusali at makalipas ang humigit-kumulang dalawang minuto, nag-apoy ang nasusunog na ulap ng singaw, na nagdulot ng pagsabog at apoy.

Isang empleyado ang namatay, at walong iba pa ang dinala sa mga ospital sa lugar para sa mga pinsala. Niyaniig ng pagsabog ang mga katabing gusali, at hindi bababa sa isang kalapit na negosyo ang napinsala. Malubhang nasira ang planta ng dagta at giniba ito matapos ang insidente.

Alam Mo Ba?

- Ang maling bilang ng mga klampa o tornilyo o hindi wastong paghigpit ay maaaring maging sanhi ng pagtagas ng mga daanan ng tao at iba pang mga takip sa ibaba ng presyon ng disenyo.
- Ang mga pansapin (gasket) ay isa pang mahalagang bahagi ng selyadong daanan. Dapat na maayos na na-uri ang mga ito, wastong nakaposisyon at nasa mabuting kondisyon para makapagbigay ng magandang selyo.
- Isa pang insidente ang nangyari nang magsimulang tumulo ang daanan ng tao bago bumukas ang aparatong panlunas at naging paksa ng 2021 Marso na Beacon.
- Ang pagdaragdag ng madaling sumingaw na materyal o pantunaw sa isang proseso sa itaas ng punto ng pag-kulo ng pantunaw ay maaaring makagawa ng mabilis na pagkulo na kilala rin bilang pagsilakbo. Mabilis nitong mapataas ang presyon ng sisidlan.
- Ang lahat ng mga koneksyon ay kailangang maayos na hinigpitan upang ang anumang sobrang presyon ay bumubuhos sa sistemang panlunas at sa isang ligtas na lokasyon.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Alamin ang tamang paraan upang maging-matatag ang mga sisidlan. Ang mga detalye tulad ng kung gaano karaming mga tornilyo o klampa at mga kinakailangang higpit ay mahalaga sa pagpigil sa pagtagas.
- Ang mga pamamaraan sa pagpapatakbo ay dapat magbigay ng tamang paraan upang maging-matatag ang mga sisidlan at manway. Kung nawawala ang mga detalyeng ito, abisuhan ang superbisor na idagdag ang mga ito.
- Ang tamang uri ng pansapin, materyal at kaurian ay dapat ding tukuyin sa pamamaraan para sa pag-sigurado sa mga pambungad (openings).
- Ang mga tumutulo na flanges ay madalas na "sumisipol" o "sumitsit" habang lumalabas ang materyal. Kapag narinig mo ang tunog na ito, umalis sa lugar, at humingi ng gabay sa superbisor ng lugar.

Ang paghigpit ginagawang tama! Lalo na para sa mga sisidlan at manways!